

## Template ng Pinakamahusay na Kasanayan: APLIKASYON SA PABAHAY

### MGA TAGUBILIN PARA SA PAGGAMIT NG TEMPLATE

- **Layunin:** Ang template na ito ay tutulong sa iyong magpasya kung natutugunan ng isang nakaligtas (survivor) ang mga alituntunin para sa OVW TH Program.
- **Paano gamitin ang template na ito:** Maaari mong iakma ang template na ito upang umangkop sa iyong mga pangangailangan at sa trabahong iyong ginagawa. Maaari mong baguhin ang mga salita upang tumugma sa wikang ginamit sa iyong programa. Bago gamitin ang template na ito sa isang aplikante sa pabahay, mangyaring tanggalin ang pahina ng mga tagubiling ito. Gayundin, mangyaring tanggalin ang anumang mga tala na kulay abo (grey). **Tiyaking palitan ang lahat ng naka-highlight na teksto ng impormasyon ng iyong programa**
  - Bilang pangunahing tuntunin, ang mahahalagang dokumento at impormasyong nagpapakilala sa isang tao ay hindi dapat kolektahin at itago sa file ng isang survivor. Ang mga file ng programa ay maaaring utusan ng hukuman at/o ang pagiging kumpidensyal o pagkapribado ng impormasyon sa mga file ay maaaring labagin. Ibig sabihin, ang nakolektang impormasyon ay maaaring magkaroon ng masamang epekto sa buhay ng survivor. Iminumungkahi namin na panatilihin mo ang ilang mga tala hangga't maaari.

## **SIMULA NG TEMPLATE**

**[AGENCY LETTERHEAD]**

### **APLIKASYON SA PABAHAY**

#### **Mga tagubilin**

#### **Kailangan Mo Ba ng Tulong sa Aplikasyong ito?**

- Nag-aalok kami ng form na ito sa mga wika maliban sa Ingles.
- Nag-aalok kami ng simpleng Ingles na talasalitaan (glossary) sa mga mahirap na salitang ginamit sa form na ito.
- Maaari kang magtanong sa sinumang miyembrong kawani sa **[insert your program name]** na tulongan kang punan ang form na ito.
- Maaari mong sabihin sa amin ang iyong mga sagot at hilingin sa amin na isulat ang mga ito.
- Ipaalam sa amin kung kailangan mo ng anumang mga espesyal na akomodasyon (mga tagapagsalin, mga tulong sa pagkilos, atbp.). Gagawin namin ang aming makakaya upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

#### **Tungkol sa Aming Programa:**

Natutuwa kaming gusto mong mag-aplay para sa **[insert your program name and information about the mission.]** Tandaan na ang **[Program Name]** ay maaaring hindi mag-alok ng 24 na oras suporta. Ang aming karaniwang oras ng negosyo ay: **[insert hours]**.

Nagpapatakbo kami ng **[information about the housing model whether congregate living, scattered site, or another model]**. Ikinalulugod naming sagutin ang anumang mga tanong mo tungkol sa aming programa o anumang iba pang mga serbisyong inaalok namin. Mangyaring makipag-ugnayan sa **[insert contact name and info]** para malaman ang higit pa.

#### **Sino ang Maaaring Mag-aplay?**

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamin sa pananaw ng Department of Justice.

Ang pabahay ay iaalok sa bawat kaso, depende sa aming pondo.

Upang mag-aplay, dapat ikaw ay:

- Isang nakaligtas (survivor) sa karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, karahasan sa pakikipag-date, at/o paniniktik (stalking);
- Walang tirahan o nangangailangan ng tirahan dahil sa karahasan sa tahanan, sekswal na pag-atake, karahasan sa pakikipag-date, at/o paniniktik;
- Hindi bababa sa 18 taong gulang o isang (legal) pinalayang menor de edad
- Ang mga taong gumagamit ng Personal Care Attendant (PCA) ay tinatanggap na mag-aplay para sa pabahay. Hindi sila tatanggihan sa mga serbisyo para sa kadahilanang ito.

### **Mga Serbisyonang Inaalok Namin:**

- Tulong sa pabahay at utility hanggang 24 na buwan. Maaari kang mag-aplay para sa 6 na buwan ng karagdagang tulong.
- Adbokasiya, pamamahala ng kaso, pagpapayo, at higit pa
- Patuloy na pagpapalano sa kaligtasan at kagamitan para sa iyong tahanan
- Tulong sa transportasyon, pangangalaga sa bata, at mga kagamitan sa bahay
- Mga serbisyo pagkatapos ng pangangalaga (after-care services) nang hindi bababa sa 3 buwan at hanggang 1 taon
- [Magdagdag ng iba pa]

### **Ano ang Mga Serbisyonang Boluntaryo?**

Mayroon kang karapatan na magsabi kung aling mga serbisyo ang iyong sinasalihan at kung aling mga serbisyo ang inaalok namin. Hindi mo kailangang makibahagi sa aming mga serbisyo upang manatili sa amin. Mangyaring ipaalam sa amin ang tungkol sa anumang mga serbisyonang makakatulong sa iyo. Gagawin namin ang aming makakaya upang idagdag ang mga ito.

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamain sa pananaw ng Department of Justice.

## **Paano Punan ang Aplikasyong Ito:**

Ang aplikasyong ito ay tumutulong sa amin sa pagpapasya kung natutugunan mo ang mga alituntunin para sa OVW Transitional Housing Program.

Mangyaring tandaan:

- May karapatan kang hindi sagutin ang alinman sa mga tanong sa form na ito.
- Mayroon kang karapatang tratuhin nang may dignidad at paggalang sa prosesong ito. Kung hindi ganun ang pagtrato sa iyo, mangyaring sabihin sa amin.
- Gusto naming protektahan ang iyong pagiging pribado. Sabihin sa amin kung paano mo gustong ipadala ang iyong aplikasyon. Pagkatapos ay makikipagtulungan kami sa iyo upang gawin ito sa pribadong paraan.

Pakisagutan ang form na ito at ibalik ito sa amin sa oras na madali para sa iyo. Kapag nakuha na namin ang iyong aplikasyon, susuriin namin ito. Pagkatapos ay makikipag-ugnayan kami sa iyo para pag-usapan ang mga susunod na hakbang. **[Explain how long it takes to process applications and who they can expect to hear from.]**

**Salamat!** Salamat sa iyong interes sa aming programa. Inaasahan naming makarinig mula sa iyo sa lalong madaling panahon!

**[AGENCY LETTERHEAD]**

**Aplikasyon**

Petsa ngayon: \_\_\_\_\_

Ang inyong pangalan:

---

Paano mo gustong makipag-ugnayan kami sa iyo?

---

Kung makipag-ugnayan kami sa iyo sa pamamagitan ng telepono, ligtas bang mag-iwan ng mensahe?  Oo  Hindi

Kung hindi, kailan ang pinakamagandang araw at oras para tumawag?

---

Mayroon bang anumang mga espesyal na tagubilin para sa pagpapadala ng mga mensahe, sa pamamagitan ng telepono o e-mail? Sa madaling salita, mayroon bang ilang mga salita na hindi dapat namin gamitin? Mayroon bang mga tiyak na oras ng araw na hindi kami dapat mag-iwan ng mensahe?

---

Paano mo nalaman ang tungkol sa aming programa?

---

**Magsabi sa Amin Tungkol sa Iyong Sarili:**

Ikaw ba ay hindi bababa sa 18 taong gulang o legal na pinalaya na menor de edad?  Oo  Hindi

Ikaw ba ang magulang, tagapag-alaga, o tagapag-alaga ng isang menor de edad na umaasa?

Ang proyektong ito ay suportado ng Grant No. 2017-TA-AX-K070 na iginawad ng Violence Against Women Office, U.S. Department of Justice (Tanggapan ng Karahasan Laban sa mga Kababaihan, Kagawaran ng Katarungan ng U.S.) Ang opinyon, mga natuklasan, at mga konklusyon o mga rekomendasyong ipinahayag sa publikasyong ito, agenda ng pagpupulong, o produkto, ay sa (mga) may-akda at hindi kinakailangang sumasalamain sa pananaw ng Department of Justice.

Oo  Hindi

Kasarian (kung paano ka nakikilala): \_\_\_\_\_

Mga panghalip na ginamit: \_\_\_\_\_

Anong wika ang mas gusto mong gamitin? \_\_\_\_\_

Nauunawaan mo ba ang (salita at/o nakasulat) na Ingles?

Oo  Hindi

Sino ang titira kasama mo? Mangyaring sabihin sa amin ang kasarian, edad, at anumang espesyal na pangangailangan para sa lahat ng iba pang taong maninirahan kasama mo. Makakatulong ito sa amin na mas mapaglingkuran ang iyong pamilya.

*(Pakitandaan: Ang aming pondo ay nangangailangan na mag-alok ng pabahay doon lamang sa mga nakaligtas sa karahasan sa tahanan, sekswal na karahasan, karahasan sa pakikipag-date, at/o paniniktik (stalking), at sa kanilang mga umaasa. Ang umaasa ay sinumang umaasa sa iyo para sa halos lahat ng kanilang pangangailangan sa pera. Maaaring kabilang doon ang:*

- mga bata na full-time o part-time mong inaalagaan
- matatandang magulang o lolo't lola
- matatandang bata na may kapansanan

Mangyaring makipag-usap sa amin kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung sino ang itinuturing na umaasa.)

Bilang ng mga umaasa/miyembro ng sambahayan: \_\_\_\_\_

Edad/kasarian ng mga umaasa/miyembro ng sambahayan:

---

---

---

Mayroon ka bang (mga) alagang hayop o serbisyong hayop (service animal)?  Oo  Hindi

Mayroon ka bang ibang mga hayop na inaalala mo at maaaring mangailangan ng panandaliang pabahay?  Oo  Hindi

Kung oo, mangyaring ipaalam sa amin ang uri ng alagang hayop (aso, pusa, atbp.) na mayroon ka. Mangyaring sabihin sa amin ang anumang iba pang mahalagang impormasyon tungkol sa bawat hayop.

---

---

---

---

### **Saan Ka Nakatira Ngayon?**

Wala ka bang tirahan ngayon dahil sa karahasan sa tahanan, karahasan sa sekswal, karahasan sa pakikipag-date, at/o paniniktik?

Oo  Hindi

Nangangailangan ka ba ng pabahay dahil sa karahasan sa tahanan, sekswal na karahasan, karahasan sa pakikipag-date, at/o paniniktik? Halimbawa, kailangan mo bang lumipat mula sa iyong kasalukuyang pabahay dahil sa mga alalahanin sa kaligtasan na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan, karahasan sa sekswal, paniniktik, o karahasan sa pakikipag-date?

Oo  Hindi

Handa ka bang lumipat sa ibang lugar?  Oo  Hindi

Kung oo, mayroon bang mga kapitbahayan kung saan hindi ka makakatira o hindi ka titira?

---

### **Kaligtasan**

Narito kami upang tulungan kang gumawa, magbago, at mag-update ng mga plano sa kaligtasan sa panahon ng proseso ng aplikasyong ito.

Gusto mo bang makipag-usap sa tagapagtaguyod tungkol sa pagpapalano sa kaligtasan?  Oo  Hindi

### **Mayroon Ka Bang Mga Tanong Para sa Amin?**

Maaari kang magtanong sa amin ng kahit ano sa espasyo sa ibaba!

---

---

---

---

---

### **Mga Lokal na Mapagkukunan**

Ipaalam sa amin kung kailangan mo ng iba pang lokal na mapagkukunan. Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang ikonekta ka sa mga mapagkukunang nakakatugon sa iyong mga pangangailangan.

*Pakitandaan na ito ay isang aplikasyon. Ang pagsagot nito ay hindi nangangahulugan na ikaw ay tinatanggap sa aming programang pabahay. Kung matutugunan mo ang mga alituntunin, magtatakda kami ng follow-up na pagpupulong. Sa oras na iyon, maaari kaming humingi ng higit pang impormasyon. Salamat!*



\*\*\*\*\*

## Paggamit ng Opisina Lamang

Tinanggap sa programa?  Oo  Hindi

Kung oo, petsa kailan ipinaalam sa aplikante: \_\_\_\_\_

Petsa ng pagtanggap/paglipat: \_\_\_\_\_

Kung hindi,petsa kung kailan ipinaalam sa aplikante: \_\_\_\_\_

Dahilan ng pagtanggap: \_\_\_\_\_

Binigyan ba ang aplikante ng impormasyon tungkol sa kung paano mag-apela?  Oo  Hindi

Iba pang mga referral/suporta na ibinigay?

---

---

---